MarylandABLE
Office of the Maryland State Treasurer



# *Simulan ang Pag-iipon para sa* ***Mga Pangangailangan sa Kasalukuyan at Hinaharap*** *ng Iyong Anak*

Sanggol man ang iyong anak, nasa paaralan, o lumipat sa mga serbisyong pang-adulto, simulan ang pag-iipon ngayon upang matulungan silang bumuo ng mas matatag na hinaharap gamit ang Maryland ABLE account. Mura ang Maryland ABLE account, paraan na may benepisyo sa buwis para sa mga karapat-dapat na taong may mga kapansanan at kanilang mga pamilya upang maka-ipon at mamuhunan ng pera upang bayaran ang mga gastusin na may kaugnayan sa kalusugan, kalayaan, o kalidad ng buhay ng iyong anak.

## Mag-ipon nang Matalino at Protektahan ang Kasalukuyan at Hinaharap na Mga Benepisyo ng Iyong Anak sa Pederal at Estado

Tumatanggap man ngayon ang iyong anak ng mga benepisyo o tatanggap pa lamang sa hinaharap, makakapag-ipon ka nang higit sa $2,000 na limitasyon ng ari-arian para sa SSI. Hahayaan ka ng ABLE account na maka-ipon ng hanggang $100,000 nang hindi naaapektuhan ang iyong mga benepisyo na cash sa SSI. Ang pera sa account na ito ay hindi makakaapekto sa iba pang estado at pederal na mga benepisyo gaya ng Medicaid health insurance at waiver, HUD, SNAP, at iba pa.

## Kontrolin ang Ngayon at ang Hinaharap

Gamitin ang Maryland ABLE account ngayon o sa ibang araw upang magbayad para sa malawak na hanay ng mga gastusin na itinuturing na Qualified Disability Expenses (QDEs) gaya ng mga gastusin sa medikal, therapy, edukasyon, pagtuturo sa trabaho, personal na suporta, pantulong na teknolohiya, at higit pa.

## Ang Mga Kita sa Maryland ABLE Account ng Iyong Anak Ay Walang Buwis

Nag-aalok ang Maryland ABLE plan ng apat na pagpipilian sa pamumuhunan, kasama ang account na nakaseguro sa FDIC hanggang $250,000. Ang pre-paid Visa card ay tampok na maaari ding makuha kapag hiniling upang suportahan ang kaalaman sa pananalapi at pagbibigay-kapangyarihan habang nagkakaedad ang iyong anak. Ang mga kita ay walang buwis kapag ginamit para sa Qualified Disability Expenses.

## Maaaring Karapat-dapat ang Mga Kontribusyon para sa Pagbabawas mula sa Iyong Nabubuwisan na Kita sa Estado ng Maryland

Maaaring mag-ambag ang sinuman para sa Maryland ABLE account ng iyong anak. Bawat nagbabayad ng buwis sa Maryland na nag-aambag sa Maryland ABLE account ay karapat-dapat na magbawas mula sa kanilang kabuuang kita ng hanggang $2,500 ng kanilang mga kontribusyon, bawat taon, para sa bawat benepisyaryo sa kanyang tax return sa estado ng Maryland.

## Paglilipat ng 529 College Savings Account

Kung mayroon kang 529 college savings account para sa iyong anak at sa palagay mo ay maaaring hindi nila ito magagamit para sa matrikula o iba pang kuwalipikadong gastusin sa edukasyon sa hinaharap, madali mong mailipat ang pera mula sa account na iyon papunta sa Maryland ABLE account. Maaari mong makumpleto ang paglilipat nang walang karagdagang bayad o mga multa. Hinihikayat kang kumonsulta sa isang kuwalipikadong propesyonal sa buwis upang makakuha ng wastong payo batay sa iyong sariling partikular na mga kalagayan.

## Ang Special Needs Trusts at Maryland ABLE ay Maaaring Magkasama

Maaaring magkaroon ng Maryland ABLE account ang iyong anak nang walang special needs trust. Kung mayroon kang special needs trust, maaari itong gumana kasama ng Maryland ABLE account

Magbukas ng Maryland ABLE account sa **MarylandABLE.org**

**SUPORTA SA KOSTUMER**
**(855) 563–2253**
LUNES – BIYERNES • 9 AM – 8 PM ET



MarylandABLE
Office of the Maryland State Treasurer

# Magkaroon ng Mas Magandang Karanasan sa Buhay para sa Iyong Anak

*Magbukas ng Maryland ABLE Account.*

"Madaling mag-ipon sa aking ABLE account. Pinapadala ko sa aking pamilya at mga kaibigan ang link ng aking ABLE gift page, at tinutulungan nila akong makaipon para sa aking summer camp."

—Lily, Estudyante

"Nakatulong sa amin ang ABLE account na mabayaran ang mga gastusin sa medikal ng aming anak sa paglipas ng mga taon at binibigyan kami ng pagkakataong ihanda ang kanyang kinabukasan."

—Jim, Magulang

## Magsimulang mag-ipon ngayon para sa pinansiyal na kinabukasan ng iyong anak sa halagang $25.

**PUMUNTA SA**
MarylandABLE.org

**O TUMAWAG SA**
(855) 563–2253
Lunes – Biyernes
9 AM – 8 PM ET

*Ang pagpapatala sa programa ng Maryland ABLE ay isang mahalagang desisyon para sa iyo at sa iyong pamilya. Mangyaring basahin nang mabuti ang buong Pagsisiwalat ng Programa at Kasunduan sa Paglahok (Program Disclosure and Participation Agreement) bago magpasyang magpatala. Ang Maryland ABLE Program Disclosure ay nagbibigay ng mga layunin sa pamumuhunan, mga panganib, mga gastusin at halaga, mga bayarin, at iba pang impormasyon na dapat mong isaalang-alang nang mabuti bago mamuhunan. Kung ang Benepisyaryo ay nakatira sa labas ng Maryland, dapat mong isaalang-alang ang anumang programa ng ABLE na inaalok ng tahanang estado ng Benepisyaryo bago magpasya na mamuhunan sa programa ng Maryland ABLE. Tandaan na ang mga benepisyong nakabatay sa estado ay dapat isa sa maraming naaangkop na isinasaalang-alang na mga salik kapag gumagawa ng desisyon sa pamumuhunan. Ang mga Maryland ABLE account ay hindi ginagarantiyahan ng Estado ng Maryland, anumang ahensya ng estado o bahagi nito, o ng kanilang mga awtorisadong ahente o kasapi. Maaari kang mawalan ng pera sa pamamagitan ng pamumuhunan sa Maryland ABLE account. Isaalang-alang ang mga layunin sa pamumuhunan, mga panganib, mga singil at mga gastusin bago mamuhunan.*